# Mga Tagubilin para sa iyong Kolonoskopya (kasama ang TRILYTE na Preparasyon)

**Mangyaring basahin ang mga tagubilin na ito isang linggo bago ang iyong pamamaraan.**

**Ano ang kolonoskopya?**
Ang kolonoskopya ay isang pamamaraan na nagpapahintulot sa iyong doktor na suriin ang sapin ng kolon para sa mga abnormalidad. Ipinapasok ang isang payat na naibabaluktot na tubo na may maliit na fiber-optic na kamerang pangbidyo sa puwit at dahan-dahang itinutuloy papasok sa tumbong at kolon.

**Kailan ako dapat dumating at gaano katagal ang pamamaraan?**
Mangyaring dumating sa GI Lab 30 minuto bago ang pamamaraan, upang masuri at maihanda ka ng nars, taga-bigay ng anestisya (kung naaangkop) at ng doktor para sa iyong pamamaraan. Magplano na gumugol ng humigit-kumulang 1 ½-2 oras sa GI Lab.

**Mangyaring tandaan:**
**Nakaiskedyul ang oras ng iyong pamamaraan sa aming pinakamahusay na pagtaya kung kailan magsisimula ang iyong pamamaraan.**
**Maaaring magkaroon ng mga sitwasyon, hal. mga emergency, na maaaring magpabago ng nakaiskedyul na oras ng iyong pamamaraan. Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang ipagbigay-alam agad sa inyo ang anumang pagbabago sa iskedyul**.

***Mga Lokasyon ng GI Lab***

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Evanston Hospital** | 2650 Ridge Ave | Room 1134 | Evanston, IL 60201 | (847) 570-2236 |
| **Glenbrook Hospital** | 2100 Pfingsten Road | 1st Floor | Glenview, IL 60026 | (847) 657-5780 |
| **Highland Park Hospital** | 777 Park Ave West | B345 | Highland Park, IL 60035 | (847) 480-2828 |
| **Highland Park Medical Group Gastroenterology** | 1777 Green Bay Road | 202 | Highland Park, IL 60035 | (847) 681-4229 |
| **Skokie Hospital** | 9600 Gross Point Road | 1st Floor | Skokie, IL 60076 | (847) 933-6565 |
| **Vernon Hills Specialty Suites** | 225 N. Milwaukee Ave | 1st Floor | Vernon Hills, IL 60061 | (847) 941-7660 |

**Ano ang dapat kong gawin kung ako ay isang diyabetiko?**
Mangyaring humiling sa iyong primary care physician (pangunahing tagapangalagang doktor, PCP) na magbigay ng tagubilin hinggil sa pag-inom ng iyong mga gamot para sa diabetes bago ang iyong kolonoskopya.

**Ano ang dapat kong gawin kung umiinom ako ng mga pampanipis ng dugo o kung mayroon akong stent sa puso?**
Kung ikaw ay may stent sa puso O umiinom ng Coumadin, Plavix, Ticlid, Lovenox, Pradaxa, Xarelto o anumang pampanipis ng dugo, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong nagreresetang doktor upang malaman kung kailangan mo itong itigil bago ang pamamaraan. Ipagbigay-alam sa aming opisina kung pinayuhan ka na hindi itigil ang isa o higit pa sa mga gamot na ito. OK na

ituloy ang pag-inom ng aspirin o ibang NSAIDs (Advil, Aleve, Ibuprofen, atbp) bago ang iyong pamamaraan.

**Ano ang dapat kong gawin kung ako ay may defibrillator (dispibrilador) o pacemaker sa puso?**
Mangyaring ipasuri ang iyong pacemaker sa loob ng 6 na buwan bago ang iyong GI na pamamaraan. Kung hindi kasama sa sistema ng NorthShore ang iyong Cardiologist, mangyaring dalhin ang kopya ng report sa pamamaraan para sa GI na doktor. Kailangan ang pagsusuri ng pacemaker upang makapagbigay ang NorthShore GI Team ng pinakaligtas na posibleng pangangangalaga.

Kung mayroon kang defibrillator (dispibrilador) o pacemaker, mangyaring makipag-ugnayan sa GI Lab bago ang iyong nakaiskedyul na pamamaraan.

| | |
|---|---|
| Glenbrook | (847) 657-5780 |
| Evanston | (847) 570-2236 |
| Highland Park | (847) 480-2828 |
| HP Medical Group | (847) 681-4229 |
| Skokie | (847) 933-6565 |
| Vernon Hills | (847) 941-7660 |

## ❖ Pitong araw bago ang pamamaraan:

- Kuhanin ang iyong reseta para sa TriLyte mula sa botika.
- Itigil ang pag-inom ng mga iron pill, Pepto Bismol, at anumang herbal supplement (suplemento na halamang-gamot).
- Kung posible, huwag kumain ng anumang may buto, mani, o mais isang linggo bago ang pamamaraan.
- Kung nababahala ka sa pagduwal na kaugnay ng pag-inom ng maraming likido dahil sa paghahanda ng bituka, tumawag sa aming opisina sa 847 -657-1900 upang humiling ng reseta ng gamot laban sa pagduwal
- Mag-online at pumunta sa http://www.my-emmi.com/northshore upang manuod ng isang maikling programa sa impormasyon tungkol sa kolonoskopya.
- Tanungin sa iyong kompanya ng seguro upang malaman kung kailangan mong maging pre-certified bago ang operasyon o kung kailangan mo ng referral mula sa iyong pangunahing tagapangalagang doktor.

## ❖ Isang Araw Bago ang Iyong Pamamaraan:

- Ihanda ang timpla ng TriLyte batay sa mga tagubilin sa lalagyan at tiyakin na ilagay ito sa refrigerator bago gamitin sa gabing iyon.

**MANGYARING SUNDAN LAMANG ANG MGA TAGUBILIN SA PAGHAHANDA SA IBABA:**

- **Susundin mo ang clear liquid diet (malinaw na likidong diyeta) para sa buong araw. Bawal ang mga likidong may kulay pula o ube. Ito lamang ang mga pinapahintulutan na pagkain at inumin:**

| | |
|---|---|
| Mga Sabaw: | Malinaw na sabaw (bouillon broth o consommé). |

| | |
|---|---|
| Mga Inumin: | Tsaa, kape, walang caffeine na tsaa/kape, Kool-Aid, Gatorade, malinaw na carbonated na inumin tulad ng 7UP, Sprite o ginger ale. HUWAG maglagay ng anumang gatas o produktong may krema sa iyong tsaa o kape. |
| Mga Juice: | Mansanas, puting juice ng ubas, strained (sinalang) lemonade, limeade, orange na inumin, Crystal Light. Anumang juice na malinaw at walang pulp ay maaaring inumin. |
| Mga Minatamis: | Mga water ice, Italian ice, popsicles, JELL-O, matigas na candy. |

- **Pagsapit ng 5:00 PM,** simulan na inumin ang solution ng TriLyte sa susunod na dalawa hanggang tatlong oras ayon sa tagubilin. Uminom ng 8 ounce bawat 10 -20 minuto sa kabuuan ng labindalawang 8 ounce na baso (3 litro). Maaaring mayroon o walang marka ang mga lalagyan para sa 1, 2 at 3 litro sa gilid ng lalagyan ng TriLyte. **KAILANGAN** mong inumin ang lahat ng tatlong litro (3/4 ng isang galong lalagyan)
- Bawal kumain o uminom pagkatapos ng hatinggabi maliban sa umagang bahagi ng preparasyon.

**Ilaan ang Natitirang 1 Litro ng Solution ng TriLyte para sa Paggamit sa Umaga**

- Kung nagdudulot ng pagsakit ng tiyan ang mabilis na pag-inom, maaaring inumin ito nang mas mabagal, ngunit kailangan planuhin na tapusin ang solution. Dahil sa lasa, maaaring makatulong ang pag-inom sa pamamagitan ng straw. Subukan na sumipsip sa lemon drop bawat inom kada baso. **Kung hindi mo makumpleto ang prep (paghahanda) o sumuka, mangyaring tawagan ang aming opisina sa (847) 657-1900 upang kumausap sa isa sa aming mga doktor.**

**Ano ang dapat kong asahan pagkatapos simulan ang paghahanda ng bituka?**
Magsisimula ka na magkaroon ng maraming matubig na pagdumi. Sa simula, maaari kang makaramdam ng kabag ngunit magiging mas komportable ka na habang patuloy kang dumudumi. Maaaring magpatuloy ang pagtatae pagkatapos inumin ang solution.

## ❖ Sa Araw ng Iyong Pamamaraan:

- **Hindi ka dapat kumain o uminom ng kahit ano paglagpas ng hatinggabi maliban sa umagang dosis ng TriLyte.**

- Tatlong oras bago ang iyong appointment (5AM para sa 8AM na pamamaraan, 6 AM para sa 9AM na pamamaraan, atbp), uminom ng apat na karagdagang 8 ounce na baso ng TriLyte (isang litro). Kinakailangan ang AM na dosis upang matiyak na wala na sa kolon ang laman ng maliit na bituka na dumaloy magdamag patuloy sa malaking bituka.

- Hindi na iinom ng TriLyte mula dalawang oras bago ang iyong pamamaraan. Kung nababahala ka na sasakit ang iyong tiyan dahil sa pag-inom ng 1 litro ng likido sa loob ng isang oras, simulan ito nang mas maaga sa tatlong oras bago ang iyong oras ng pamamaraan dahil hindi ka na pwedeng uminom ng preparasyon para sa pagdumi mula dalawang oras bago ang iyong nakaiskedyul na pamamaraan.

**Kinakailangan ang pagkumpleto ng AM na preparasyon ng TriLyte upang maging pinaka-epektibo ang biswalisasyon ng kolon**

- **Kailangan ko bang inumin ang aking mga gamot sa umaga ng pamamaraan?** Kung umiinom ka ng gamot para sa puso o sa presyon ng dugo, kailangan mo itong inumin sa umaga ng pamamaaraan kasabay ang pag-sipsip ng kaunting tubig. Maaaring inumin ang mga ibang gamot pagkatapos ng pamamaraan maliban kung ibinigay bilang tagubilin ng iyong doktor.

**Mga Espesyal na Tagubilin:**

1. **<u>Kinakailangan</u>** na mayroon kang kasama na maghahatid sa iyo pauwi sa lalong madaling panahon pagkatapos ng iyong pamamaraan; ito ay karaniwan sa loob ng 2-3 oras pagkatapos ng simula ng oras ng pamamaraan. Kung nagpa-plano ka na sumakay ng anumang pampublikong transportasyon pauwi, kabilang ang taxi, tren, Uber o Lyft, kailangan mong ayusin na masasamahan ka ng isang may-edad.

2. Gumagamit ng pampakalma habang isinasagawa ang pamamaraan kung kaya't hindi ligtas para sa iyo na magmaneho o gumamit ng anumang makinarya sa natitirang panahon sa araw na iyon.

3. Kung nagsusuot ka ng contact lens, **HUWAG** itong ilagay sa araw ng iyong pamamaraan. Mangyaring dalhin ang iyong mga salamin.

4. Hindi ka makakabalik sa trabaho sa araw ng pamamaraan.

5. Hindi ka dapat gumawa ng anumang importanteng desisyon sa natitirang panahon sa araw na iyon.

6. Kung kailangan mong makipag-usap sa isang nars, o kanselahin ang pamamaraan, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Main Office sa (847) 657-1900. Kung kailangan mong kanselahin ang iyong pamamaraan, mangyaring abisuhan ang aming opisina ng hindi kukulang sa isang linggo bago ang petsa ng iyong nakaiskedyul na pamamaraan.

Na-update Hunyo 2018 KF/JR

# Impormasyon sa Saklaw ng Seguro para sa Kolonoskopya na Dapat Mong Malaman

Nakaiskedyul ka para sa kolonoskopya, isang pagsusuri ng kolon (malaking bituka) sa pamamagitan ng inilawan at naibabaluktot na scope. Habang isinasagawa ang kolonoskopya, kung may nakitang abnormalidad, karaniwang nagsasagawa rin ng biopsiya sa panahong iyon. Kasama sa pagsasagawa ng biopsiya ang pagtatanggal ng bahagi o lahat ng abnormal na parte para sa pagpoproseso at kasunod na pagsusuri sa pamamagitan ng microscope.

Iba-ibang paraan ang pagtingin ng mga kompanya ng seguro sa kolonoskopya depende sa iyong plano ng benepisyo. Mangyaring tandaan na kung nakaiskedyul ang iyong kolonoskopya para sa "screening" (ibig-sabihin ay wala kang sintomas sa iyong bituka) at makakita ang iyong doktor ng polyp o tisyu na dapat tanggalin habang isinasagawa ang pamamaraan, hindi na itinuturing na screening ang pamamaraan ng kolonoskopya na ito. Maaaring magbago ang iyong mga benepisyo sa seguro at maaaring mag-iba ang pagbabayad ng iyong polisiya sa seguro.

**Mangyaring tandaan:**
**Tanungin sa iyong carrier ng seguro upang tiyakin kung kailangan mo ng pre-approval o pre-certification at naiintindihan mo ang iyong pinansiyal na responsibilidad para sa pamamaraang ito bago simulan ang iyong preparasyon sa paglilinis ng iyong kolon.**
**Mayroon dapat numero na matatawagan sa likod ng iyong kard ng seguro.**

**** Mangyaring tandaan na maaaring ituring na pag-oopera ng iyong carrier ng seguro ang pamamaraan at maaaring mailapat ang mga deductible at co-pay.  Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong carrier ng seguro para sa higit pang impormasyon hinggil sa iyong saklaw.**

Para sa mas detalyadong impormasyon, mangyaring sumangguni sa website ng NorthShore.Org sa:

http://www.northshore.org/gastroenterology/

Division of Gastroenterology
Medical Group
NorthShore University HealthSystem

Legal na Pahayag: Ang impormasyong nilalaman ng email na ito, kabilang ang anumang mga file na nakalakip dito, ay maaaring naglalaman ng kumpidensiyal na medikal o pang-negosyong impormasyon na naglalayon lamang sa paggamit ng (mga) nilalayong tagatanggap. Mahigpit na ipinagbabawal ang anumang hindi pinahintulutang pagsisiwalat, paggamit, pagkokopya, pamamahagi o paggawa ng anumang aksyon batay sa mga nilalaman ng email na ito. Hindi naaalis o isinusuko ang pribilehiyo ng doktor at pasyente (physician-patient privilege) o anumang mga legal na karapatan sa pagsusuri ng anumang indibidwal maliban sa nilalayong tagatanggap. Kung mali mong natanggap mo ang e-mail na ito, mangyaring i-delete ito sa lalong madaling panahon at ipagbigay-alam sa nagpadala sa pamamagitan ng pagbabalik ng email.